


Commemorating the 152nd Birth Anniversary of President Emilio Aguinaldo

It is already customary for the Municipality of Kawit, in particular, to celebrate the birthday of General Emilio Aguinaldo every March 22 of the year. President Aguinaldo is the only Kawiteño and only Caviteño who became President of the Philippines. His heroism cannot be taken for granted being at the forefront of battles in Cavite as well as in other areas in our country. The bravery that he manifested in those trying times is very inspirational and exceptional. No wonder even his adviser Apolinario Mabini averred that Emilio Aguinaldo is badly needed by our country during that time. It is on this spirit why Kawiteños and the Caviteños in general highlight his contribution to the Philippine political development by remembering the heroism of this Caviteño who made the proclamation of independence possible in 1898 and inaugurated the First Philippine Republic.

Today, as we visit the Emilio Aguinaldo Shrine at Kawit, we are reminded not only of his courageous feats but also his other comrade in arms who relentlessly joined him in the independence campaign from the time that revolution was launched on August 31, 1896, in Cavite. We are reminded of when he came back from Hong Kong and renewed the revolution up to the inauguration of the First Philippine Republic and lastly his courageous decision to declare war with the United States of America when he knew very well that we had a lack of arms. Despite all hurdles in arms and shortcomings among the revolutionaries and army of the republic, President Emilio Aguinaldo managed to unite everyone under his leadership, to make them



General Miong, 40s,
Library of Congress Prints and Photographs
Division Washington, D.C.

move and fight for their independence. Such were the days when he and our *kababayans* and their collaborators were united and offered their lives for our country. It is in this spirit why we should celebrate the birth anniversary of President Emilio Aguinaldo every year.

EDITORIAL**Effective Leadership**

Since the pandemic started a year ago, the Philippine government headed by no less than our President Rodrigo R. Duterte took the lead by regularly meeting his cabinet and organizing the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases. One noticeable actuation of the President was when he led his cabinet and addressed the public. It was like a father instructing his sons and daughters on what should they do to do away with the virus. He even personally directs the military in the frontline regarding the penalty of those misbehaving individuals and also how to penalize those committing abuses in the government. It was also noteworthy to remember the unpopular decisions of the President relative to quarantine measures and other policies that hamper individual liberties just to give ways for the majority's welfare. Such was the leadership needed by our country when all were groping in the dark as to who shall lead us and who shall be responsible. President Duterte always said, "Ako ang bahala dyan! Ipatupad nyo! Kapag merong nagreklamo sabihin nyo pangalan ko para ako ang sisisihin."

More than a century ago, we saw Emilio Aguinaldo giving instructions to his comrades in arms and even making himself unpopular due to the political decisions that had to be made for the welfare of our country then. One of these would be his confirmation of the decision of the Court of War regarding the death penalty for the Bonifacio brothers who were found guilty of treason. President Aguinaldo, being a humanitarian and a Mason, initially did not sign the death penalty but suggested the banishment of the Bonifacio brothers. However, two of his generals, Pio del Pilar and Mariano Noriel, the former being appointed by Andres Bonifacio to be the chief of his army at the Naic Military Agreement, insisted that the president should agree to the decision of the court. Allowing the Bonifacio brothers to live would be tantamount to permitting

another government to be established that would fight against the already constituted government. In the end, there would be fighting among the Filipinos and the Spaniards would be benefited from it. Thus, the end of the revolution in favor of the enemy. On that note, President Aguinaldo saw the wisdom of the suggestion and signed the death penalty. President Aguinaldo knew that he will be cursed by the Bonifacio supporters on such a decision but what can he do? His initial decision of banishment can be attributed to being merciful and brotherly since Andres Bonifacio himself initiated him in the Katipunan; they were friends for some time and brothers in Masonry. He had all the right not to confirm the court decision. However, if the country's welfare is at stake and the interest of the majority will be tabled then-President Aguinaldo will be guided not by compassion but for the love of his country. President Aguinaldo confirmed the penalty of death as a decision that he knew will make him unpopular.

Emmanuel F. Calairo, PhD

Editor-in-chief

Neriza M. Villanueva

Publications Coordinator

Jomar Encila

Contributors

Mylene B. Delatado

Lay-out artist

Galeón is the official newsletter

of Cavite Studies Center

For comments, suggestions or contributions, contact

CAVITE STUDIES CENTER

Second Floor, Aklatang Emilio Aguinaldo-Main

De La Salle University-Dasmariñas

City of Dasmariñas, Cavite 4115

(02) 8779-5180, (046) 481-1900 to 30 loc. 3141

Disclaimer: Opinions and statements from the articles on this issue are the sole property of the authors and not the members of the publication team.



Mga Bagay-bagay na Nangyari sa Buwan ng Marso ng 1897¹

a—Samantalang pahigpit nang pahigpit ang mga pagpapanagpo sa Bakood, sa Salitran at Nobeleta noong mga unang araw ng buwang ito, at nang mapansin ng mga pinuno ng Sangguniyang Magdiwang na ang Pamahalaang *Magdalong* di na gagaano ang kanyang tinitis na pagkasupil, kayat ang nalalabi na lamang kanyang pinamamanihalaang lupaing sakop, ay Cavite el Viejo, Bakood at Imus sa hilaga,— ang Pamahalaang Magdiwang ay pinaanyayahan ang lahat ng mga pinunong naghihimagsik sa sakop niya, upang magdaos ng pagpupulong at mapag-usapan ang pagtatanggol na dapat gawin sa lupang nasasaklaw ng *Magdiwang*, at ang at pook na itinadhanang pagdarausan ng pulong, ay ang bahay-asyenda ng Teheros (San Francisco de Malabon). Sa araw at oras na natatakda sa paanyaya ng pulong, na nilagdaan ni G. Jacinto Lumbreras (Kagawad ng Estado, pangsamantalang Pang-ulo ng Magdiwang, dahil sa may sakit si G. Mainam), ay nagsidalo ang maraming mga pinuno ng *Magdiwang*; ngunit dahil sa isang kapansanang ibinunga ng paglalaban sa Salitran, Molino at Presa (Imus): ay itinakdang sa araw na susunod, ay ganapin ang pagpupulong sa bahay ring yaon at sa oras ding natatakda.

Mga unang oras pa lamang ng kinabukasan na ipagdaraos ng pulong, ay napuno na ng mga tao ang bahay-asyenda ng Teheros, hindi lamang sa mga pinunong kaanib ng *Magdiwang*, kundi pa naman sa maraming taga *Magdalo*, kahimat hindi sila inanyayahan. Sa mga pang-unang pinuno ng *Magdiwang* na nagsidalo, bukod sa Ktt. Pang-ulo ng Katipunan, ay kabilang ang mga ginoong sumusunod:

Mariano Alvarez, Pascual Alvarez, Santiago Alvarez, Luciano San Miguel, Mariano Trias Closas, Severino de las Alas, Santos Nocon, at iba pa; at sa mga kaanib ng *Magdalo* naman, ay kabilang sina GG. Bldomero Aguinaldo, Daniel Tirona, Cayetano Topacio at Antonio Montenegro at iba pang mga ginoo.

Pagkabukas ng pulong na pinanunuluhan ni G. Jacinto Lumbreras, na siyang, sa maikling pananalita’y nagpatalastas sa lahat ng sanhi ng pagpupulong, si G. Severino de las Alas ay huminging-tulot na makapagsalita, at pagkabigay sa kanya ng pahintulot, ay nagsabi, na bago mag-usap ng tungkol sa pagtatanggol sa isang maliit na lupain ng lalawigan Kabite,

ay dapat munang pag-usapan ang uring pamahalaang dapat pairalin sa Kapuluan sa loob ng kasalukuyang kalagayang yaon at sa pamahalaang ito, anyay, ay maaaring manggaling ang lahat ng ibigin at kailanganing pagtatanggol.

Siya ay sinagot ng Pang-ulo sa pulong, na ang Kapuluan ay may Pamahalaan na, mula pa sa pagkakatatag ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan, ng Ktt. Sanggunian nito, ng mga Sangguniang Lalawigan, at ng mga Sangguninang-Bayan. At saka inulit noon din ng Pang-ulo ang pagpapaalala ng dahilan ng pagpupulong na isang bagay na tutoong mahalaga sa mga gayong sandaling panganib. Si G. Andres Bonifacio sa kapahintulutan ng Pang-ulo, ay nagsalita at pinatunayan niya ang unang ipinahayag ni G. Lumbreras hinggil sa pamahalaang sa kasalukuya’y umiiral na sa Kapuluan; at ipinaliwanag tuloy niya ang kahulugan ng K na nakalagay sa gitna ng araw na bagong sumisikat sa Watawat, na “Kalayaan” ang ibig sabihin, ayon sa nasasaad sa ulat ng Bandila ng Panghihimagsik.

Si G. Severino de las Alas ay muling nagsalita at anyay :- Na ang titik “K” sa bandila at ang bandila na ring iyan, ay di maaaring magpakilala kung anong uring pamahalaan ang umiiral sa kasalukuyang panghihimagsik, na anopa’t hindi masabi kung “Monarquieo” o makahari o kung “Republikano” kaya naman (makabayan). Ipinakli ni G. Andres Bonifacio na ang mga Katipunan mula sa Ktt. Pang-ulo ng Mataas na Sanggunian hanggang sa kababa-babaan, ay ganap na kumikilala sa mga simulatong ito :- *Pagkakaisa*, *Pagkakapatiran* at *Pagkakapantay-pantay*; at sang-ayon dito’y mapagkikilalang maliwanag na ang *Pamahalaan ng Katipunan* ng mga Anak ng Bayan, ay hubog republikano o makabayan.

Tumayo si G. Antonio Montenegro, at siya namang nagsalita ng pagkatig sa palagay ni G. De las Alas, at sa isang tinig na di pangkaraniwan ay sinabi ang ganito :- Kung di natin pagpasyahan dito ang kahilingan di G. De las Alas, tayong lahat na mga naghihimagsik, ay mapapatulad sa isang hamak na pangkat lamang ng mga tulisan o kaya’y masahol pa rito, o kaparis lamang tayo ng mga hayop na walang mga katuwiran.

(continued on page 12)



The Heroism of General Emilio Aguinaldo

by Neriza M. Villanueva

Cavite Studies Center, Publications Coordinator

The National Anthem (*Marcha Nacional Filipina*). The National Flag. The June 12 Philippine Independence. When these words are mentioned, Filipinos take pride in having proof of being a free nation. Thanks for the lives of our revolutionary forefathers who worked hard for freedom. They are the heroes of the past, but their memories and deeds are still remembered.

General Emilio Aguinaldo was among the revolutionary men who thought for a change when Spain ruled the Pearl of the Orient for 333 years. The public servant started when he was 17 as a *cabeza de barangay* and later became the *capitan municipal* of Cavite el Viejo. He joined the masonry and was 23 when he entered the *Katipunan*.

His bravery was exemplified in the 1896 start of the revolution in Kawit against Spain. He left his captaincy in Kawit and continued working with gallant men like Candido Tirona, Jose Tagle, Baldomero Aguinaldo, Edilberto Evangelista, and Crispulo Aguinaldo (to name a few) that ended either in victorious or defeated battles.

He did all his best to achieve the liberty that he and the other Filipinos longed for. However, persistent Spain continued to attack the revolutionaries at which the latter suffered and failed. Aguinaldo's heroism was again tested. Despite the reigning superior forces, Aguinaldo found ways to escape the pursuers. With his men, they trekked the long mountain trails just to reach Biak-na-Bato. But the travel was not easy. His followers had little food, their health was at stake but the leader's dedication surpassed the condition.

Gen. Aguinaldo and the 25 other leaders left for Hong Kong on December 27, 1897. This ended the first phase of the Philippine revolution. While exiled, Aguinaldo and the Filipino revolutionists formed Hong Kong Junta for the revolutionary cause and to make an independent country. His integrity manifests in this case. Before the resumption of the revolution, he had already prepared the things that he would do when he goes back to the Philippines. He had independence in his mind. Aside from the arms purchased from the war indemnity from the Spaniards, he also thought about the national flag and the national anthem that would inspire the Filipinos. Aguinaldo, with 13 other insurgent leaders, arrived in Cavite onboard McCulloch, an American

ship on May 19, 1898. Aguinaldo renewed conflict against Spain. He and his men won the first battle in Alapan, Imus followed by the capture of Spanish Polvorin in Binakayan, Kawit on May 28 and 31 respectively. In Kawit, Cavite, on June 12, 1898, the national flag was unfurled while the national anthem was played; the draft of the Philippine independence was proclaimed.

The Malolos Congress and the Malolos Constitution should also be remembered. Aguinaldo transferred the seat of government from Bacoar to Malolos, Bulacan and on September 15, 1898, at the Barasoain Church, Malolos, Bulacan, the National Congress (Malolos Congress) was established. The drafting of the Malolos Constitution followed. After the Treaty of Paris was signed on December 10, 1898, the Constitution was promulgated on January 21, 1899. The First Philippine Republic, with Emilio Aguinaldo as President, was inaugurated on January 23. For Aguinaldo and the rest of the Filipinos, the achievement was the fulfillment of a dream.

Did Aguinaldo perform even after the war? He also took part in the 1935 Commonwealth Election. In 1950, he was a member of the Council of State. To secure the welfare and interest of the veterans, Aguinaldo organized the *Asociacion de los Veteranos de la Revolucion* and administered the Veterans Office. He was the president of the organization and served it until his death. Through him, members of the organization received the pension.

The love for nationalism was his primary concern. He was hurt when the Americans did not recognize the significance of the proclamation of the Philippine independence date. It was always July 4 which coincided with American independence day (July 4, 1776). Later, 33rd United States President Harry Truman set July 4 for the recognition and inauguration of the Third Philippine Republic on July 4, 1946. It was during the time of President Diosdado Macapagal when he realized and issued an Executive Order to change the celebration date of the independence from July 4 to June 12. R.A. 4166 officially observed July 4 as U.S. Recognition and the U.S. – Philippine Friendship Day. The 94-year old Aguinaldo donated his mansion to the

(contin n page 5)





(The Heroism... from p. 4)

government on June 12, 1963. The following year, June 18, 1964, Republic Act 4039 declared the mansion a National Shrine.

The memories of Gen. Emilio Aguinaldo, the President of the First Philippine Republic can be felt and seen. In his 152nd birth anniversary (March 22, 1869 – March 22, 2021), his heroism reveals the many facets that illustrate his courage, integrity, and patriotism for the people and the country.


Sources:

Alip, Eufonio M. (1969) *In the Days of General Emilio Aguinaldo: A study of the Life of a Great Military Leader, Statesman, and Patriot Who Founded the First Republic of Asia*. Manila: Alip & Sons, Inc.

Calairo, Emmanuel F. (2018) *Proclamation, Philippine Independence: The Truth About August 1, 1898 Bacoar Assembly, a historiographical Inquiry*. A Project of the Office of the Mayor, City of Bacoar, Cavite.

Aguinaldo in later years: 1902-1964. <https://criticsrant.com/aguinaldo-in-later-years-1902-1964/> Retrieved – 16 March 2021.

Remembering General Emilio F. Aguinaldo. <https://www.pressreader.com/philippines/manila-bulletin/20150322/281590944054011> Retrieved - 16 March 2021.



(Salitang Cavite ...from p. 19)

MAALWAN – madali

Hal.: Isang sekreto ng maganda, masaya at *maalwang* pagsasamahan ay ang pagtutulungan at pag-uunawaan ng bawat miyembro ng tahanan.

MAGABOK – maalikabok (Maragondon, Ternate)

Hal.: Sobrang lakas ng hangin kaya masyadong *magabok* ang kapaligiran sa amin.

PARTING-POON – pare-parehong hati

Hal.: Magandang mamuno ang isang lider na laging pantay ang pagtingin sa kanyang mga manggagawa: *parting-poon* – walang pinipili, lahat ay binibigyan.

PIYAIT/PIYAOT – pisa; pipi; dagan

Hal.: Sa pagkakapiyait ng kanyang biniling mga gulay, kamuntik nang wala siyang mailulutong pananghalian.

Sanggunian:

Medina, Isagani R. *Ang Kabite sa Gunita: Essays on Cavite and the Philippine Revolution*. Compiled by Mirana R. Medina. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2001.




Pagpipisan ng Sangguniang Magdiwang at Magdalo¹

Wala akong kamalak-malak sa aking pagtatanod at pagbabangon ng mga tanggulan dito sa kaparangan ng Pasong Santol, Salitran, Dasmariñas, ay biglang dumating na humahagibis ang isang pulutong ng mga kabayuhan na pinangungunahan ni Koronel Vicente Riego de Dios, ng Hukbo ng Sangguniang Magdiwang sa Maragondon. Pagkatapos na makapagpakilala sa akin na sila'y mga Sugo ng Kapulungang Pambansa ng mga Manghihimagsik ng pinagsaping dalawang Sangguniang Magdiwang at Magdalo, sa pangungulo ng Haring Bayang Andres Bonifacio, na idinaos sa bahay hacienda ng Tejeros, San Francisco de Malabon, nang araw na iyon, ika-22 ng Marso, hinandugan ako ng maligayang bati at sinabing ako'y napahalal na Pangulo, kaya ipinakakaon upang manumpa at makatupad sa tungkuling inaatang sa akin, bilang Pangulo ng Bagong Pamahalaang pinagsanib.

Hindi ko pa nasasagot ang kanilang pakay sa akin, agad-agad ay isinalaysay sa akin ang mga sumusunod na pangyayari sa halalan: Na pagkatapos mabuksan ang kapulungang pambansa ng Manghihimagsik na pinanguluhan ng Haring Bayan, Andres Bonifacio, ay isinunod agad ang paghirang at paghahalal ukol sa Ktt. Puno na mangungulo sa ganitong pag-iisa. Dalawa lamang kandidato ang napaharap, at ito'y ang Supremo Andres Bonifacio at si Heneral Emilio Aguinaldo. Pagkatapos ng halalan ay lumabas noon din at ipinasiya ng Kapulungan sa pamamagitan ng Supremo Andres Bonifacio, na si Heneral Emilio Aguinaldo, ang siyang pinagkaisahan at pinagbotohang maging Ktt. Puno ó tagapangulo ng Manghihimagsik. Nagtaka sila diumano kung paano nangyari, na ang Supremo Andres Bonifacio na siyang nagpahanda ng nasabing pag-iisa at siya pang nangulo sa nasabing pulong, ay kung bakit ako ang inihalal ng karamihan laban sa Supremo Andres Bonifacio.

Isinunod ang sa tungkuling Vice-Presidente. Ang Supremo Andres Bonifacio, ay muling ikinandidato, subali't tinalo siya ng kanya ring Ministro de Gracia y Justicia, na si Heneral Mariano Trias, at noon din ay ginawa ang proklamasyon.

Sa tungkuling Kapitan Heneral, ay nagtutunggali naman ang dating Kapitan Santiago Alvarez, anak ni Vi Rey Mariano Alvarez, at si Heneral Artemio Ricarte, isang Ilocano.



Bagamat tumutol si Heneral A. Ricarte sa pagkakahalal sa kanya, dahil diumano sa kawalan niya ng kaya sa gayong tungkulin, ay iniurong din niya pagkatapos nang hindi tanggapin ng mesa. Isusunod dito ang proklamasyon sa kanya.

Sa pagka-Secretario de Guerra, ang Supremo Andres Bonifacio ay muli na namang ikinandidato, at ang nakatunggali niya si Heneral Mariano Riego de Dios, na kanya ring Ministro de Fomento sa Sangguniang Magdiwang. Natalo na naman ang Supremo, at ito ang ikatlong pagkagapi niya sa halalan.

(continued on page 7)



(Pagpipisan... from p. 6)

Sa pagka-Secretario de Interior, ay muli na namang ipinasok na kandidato ang Supremo Andres Bonifacio at ang kanyang kalaban ay ang dalawa niyang Ministro sa Magdiwang na sina G. Severino de las Alas at G. Diego Mojica. Sa halalang ito'y nagtagumpay na ang Supremo A. Bonifacio, at kagaya ng kaugalian ay ipinasiya na siya ang nahalal at dahil dito ay binati sa kanyang tagumpay. Subali't pagkatapos na pagkatapos na maipasiya ng Asambleang kanyang tagumpay ay biglang tumindig at sumalungat sa pagkahalal sa kanya si Heneral Daniel Tirona, at sinabing: "Hindi nababagay sa Supremo Andres Bonifacio, ang tungkuling nasabi, pagka't hindi siya abogado, at ang bagay rito'y ang Abogado Jose del Rosario, na taga Tanza."

Dito nagmula ang gulo ng Kapulungan, subali't wala namang sinumang pumangalawa kay Heneral Tirona, kaya't wala ring kabuluhan ang nasabing pagtutol. Gayon man, sa sama yata ng loob ng Supremo kay Heneral Daniel Tirona, ay agad-agad siyang tumindig at sinabi ang ganito: "Hindi бага bago tayo nagpulong ay pinagkaisahan na natin na sinuman ang lumabas ó mahalal sa Kapulungang ito, ay ating susundin at igagalang na lahat?"

"Opo" - ang hiyawan ng madla.

"Kung gayon" - patuloy niya, "bakit nang ako ang napahalal ay may tumututol?"

"Wala pong pumangalawa sa tutol." At sa di mapigil na sama ng loob ng Supremo, ay agad binunot ang kanyang rebolber at anyong papuputukan si Heneral D. Tirona, sa gitna ng di magkamayaw na gulong naghari. Salamat na lamang at napigil ni G. Jacinto Lumberas at ni Hen. Artemio Ricarte, ang masamang tangka ng Supremo. Si Heneral Tirona naman ay maliksing nakapagtago at nagpasuut-suot sa kakapalan ng mga Asambleista kaya hindi natuloy ang pagtudla sa kanya.

Palibhasa'y hindi yata mapigilan ng Supremo ang sama ng loob, bakit maikatlo pang natalo sa halalan, bagama't napayapa ang gusot at tahimik na ang lahat, pagdaka'y tumindig siya at sinabi sa kapulungan ang ganito:

"Ako, sa aking pagka-Pangulo nitong Kapulungang Pambansa ng mga Manghihimagsik, ay pinawawalan ko ng kabuluhan ang halalang dito'y ginanap." Saka pagdaka'y umalis at nilisan ang kapulungan at umuwi sa Malabon.

Sa ganyang pangyayari, ay naligalig sandali ang kapulungan, nguni't biglang tumahimik nang ang delegado ng lalawigang Batangas, na si Koronel Santiago Rillo, na kumakatawan sa may 2,000 manghihimagsik, ay nagtindig

at isinigaw sa Supremo na huwag siyang umalis, pagka't proklamado na siya sa pagka-Secretario de Interior, bukod sa ang mungkahi ni Heneral D. Tirona, laban sa kanya ay wala sa orden, pagka't walang sinumang pumangalawa, at dahil dito 'y walang anumang bisa. Gayon man ay di nangyaring napigilan ang Supremo at patuloy nang umalis nang walang paalam.

Dahil sa kaguluhang nangyari, at sapagka't hindi napigilan ang Supremo, sa kanyang pasiya na lisanin ang kapulungan, si Koronel Santiago Rillo, delegado ng Batangas, ay tumayo at nagtanong sa madla kung sang-ayon silang ipagpatuloy ang kapulungan, at kung pahihintulutan nilang siya na ang mangulo. Sa ganitong katanungan ay parang iisang taong sumagot ang lahat ng "Opo."

Sa ganyang kapasiyahan, ay ipinagpatuloy ang Kapulungan at wala namang iba pang pinag-usapan maliban sa kilalanin ó pagtibayin ang tanang mga naihalal na, saka humirang ng isang "Comission" upang ipabatid kay Heneral Emilio Aguinaldo, ang pagkahirang sa kanya ng Kapulungan ng Manghihimagsik na maging Ktt. Puno ng Himagsikan, tuloy kaunin siya sa madaling panahon upang makapanumpa sa tungkuling iniaatang sa kanya ng bayang Manghihimagsik.

Pagkatapos nito, ay pinigil munang pansamantala ang pulong, samantalang hinihintay nang buong kasabikan ang pagdating ng nahalal na puno ng himagsikan, si Heneral Emilio Aguinaldo.

Pagkatapos ng mahabang salaysay na ito sa akin ng tagapangulo ng Sugo ng Kapulungang si Koronel Vicente Riego de Dios, na pinakinggan ko nang buong taimtim, ay sinagot ko naman siya ng ganito:

"Nagagalak ako sa naging kapasiyahan ng Supremo Andres Bonifacio, na papag-isahin ang dalawang pangkat ng Sangguniang Magdiwang at Magdalo, at sa ganito'y maghari ang lubos na pagkaka-isa ng bayang manghihimagsik. Ang bagay na ito'y noon pang ikaw-28 ng Disyembre, 1896, pinanukala ni Heneral Baldomero Aguinaldo, subali't sanhi sa nais ng mga taga Magdiwang na ang Ktt. Puno ng Manghihimagsik ay nombrahan lamang at huwag daanin sa pamamagitan ng paghirang at paghahalal ng mga manghihimagsik, kung kaya nabigo ang mahalaga at napapanahong balak na ito. Kaya't lubos ang pasasalamat ko sa pagbabagong loob na ito ng Supremo at sa pagpapatibay namang lahat ng ating mga kapatid sa himagsikan.

Gayon man, sa aking sariling palagay, ay tila mandin huli na sa panahonang ganitong pag-iisa ng dalawang pangkat

(continued on page 8)



(Pagpipisan... from p. 7)

ng mga manghihimagsik sa Kabite, pagka't tayo'y nagagapi na ng mga kalaban, at sa katunayan ay nakuha na ang mga bayan ng Silang at Dasmariñas.

“Nagpapasalamat ako ng labis sa inyong pagkakaparito, lalung-lalo na sa nangaghalal sa akin at sa pagkakaloob ng lubos na kapangyarihan upang maitaguyod nang buong kataimtiman ang pinag-isang lakas nating mga Manghihimagsik laban sa España. Umaasa akong sa tulong ng Maykapal, at ng bayan, ay hahangga tayo sa isang walang kahulilip na tagumpay!”

“Subali't ang anyaya ninyong ako'y kaunin upang makapanumpa sa tungkuling iniatang sa akin ng Kapulungan, ay lubos ang aking pagdaramdam na di ko mapairugan. Paano ko maiiwan ang hanay na ito ng ating pagtatanggol sa ating bayan, ngayon na natatanawan na ang nagdidilim na kakapalan at pagdagsa sa ating harapan ng may 10,000 kawal na ating mga kalaban na pawang sandatahan? Dinaramdam ko nga, aking inu-ulit na di ako makakasama sa inyo, pagka't ang kapakanan ng aking sarili ay hindi maaari kailan man na mangibabaw sa kapakanan ng ating Inang Bayan! Sa sandaling iwan ko ito, ang ating kawal ay magagapi sa kakauntian ng bilang, at ang ganito ay magiging isang malaking dagok sa ating panghihimagsik.”

Sa ganito kong pangungusap sa kanila, ay bigla na lamang silang nangalungkot at nangatigilan. Walang kibong nangagsilakad at nagpatulinang nagpatakbo ng kabayo upang makarating agad at maipagbigay alam ang kinasapitan ng aming pagpapanayam.

Nang mag-iika-2:00 ng hapon ng araw ding ito, hindi pa halos natatagalang nakakauwi ang mga Sugo na kumakaon sa akin, ay lalo pang maraming kabayuhan ang nagsidating sa Pasong Santol na humahagibis, bilang ikalawang Sugo upang ako'y kaunin. Sa ganito, ako'y lubos na namangha, pagka't ang nangungulo sa pulutong ay walang iba kundi ang kapatid kong matanda na si Heneral Crispulo Aguinaldo, at ako mandin ay napalagay sa isang malalim na pagdidilidili. Tila бага ang katayuan ko ng mga sandaling iyon ay napalagay sa isang mabigat na pagsubok na di malirip na suliranin sa buhay. At ang kanilang taga-pagsalita na puno ng mga Sugo ay nagbitiw ng ganitong pangungusap:

“Minamahal kong puno at kapatid: Nalalaman kong nagtatalo sa inyong kalooban ang dalawang mabigat na suliranin ng ating bayan sa sandaling ito, sa di ninyo pagtanggap na kayo'y makapanumpa sa tungkuling iniatang sa inyo ng Kapulungang Pambansa ng mga Manghihimagsik.

Nalalaman ko rin at natatalos ng lahat ng ating mga kasamahan na ang tunay na sanhi ng di ninyo pagkasama sa unang nangagsikaon sa inyo, ay walang iba kundi ang pagtupad sa inyong tungkulin at marubdob na hangad na mapakiharapan ang libu-libong mga kalaban na ating nangatatanawan ngayon sa hanay na ito. Subali't mahal kong puno at kapatid, kung ako ang pamimiliin sa dalawang kapwa mahalagang suliranin ng ito, ay uunahin at tutugunan ko muna ang mahalagang tawag ng bayang Manghihimagsik, na dili iba't ang kayo'y dumalo roon ngayon din sa Kapulungan na sabik na sabik na naghihintay sa inyo, at tanggapin nang buong puso at kagalakan ang iniatang sa inyong panguluhan ng ating himagsikan... Naniniwala akong sa ganito ay lalo pang titibay at magkakabisa ang ating pagkakaisa.

“Inatasan ako, at aking paninindigan sa harap ng Kapulungan, na kung iyong paiirugin ang pagtanggap sa inyong tungkuling nabanggit, at inyong iiwan itong lubhang mapanganib na lugal na ito, sa harap ng Diyos, ay aking isinusumpa, na kung ipagkakatiwala ninyo sa akin ang inyong hanay, ay tiyakan kong masasabi na hindi ko kailan man pababayaang mapasok ng mga kalaban ó kami'y magapi, maliban na lamang kung ako'y patay na, at sa ibabaw ng aking bangkay sila magdaraan upang maagaw ang pook na ito. Kaya mahal kong kapatid, humayo na kayo, at iwan na ninyo ako dito, at huwag ninyong hiyain ang bayang nag-utos sa amin. Alalahanin ninyo na ang pagkakahalal sa inyo ng bayang manghihimagsik ay nataon naman sa inyong kaarawan ng pagsilang, ika-22 ng Marso, bilang ika-28 guning-taon. Ang ganito mandin ay tinalaga ng Maykapal upang biyayaan kayo sa inyong marubdob na hangad na matubos ang ating Inang Bayan sa kaalipinan.”

Sa ganyang pangungusap na puspos ng katiningang loob at pagkamakabayan ng aking kapatid, ako'y bigla na lamang nalamuyot sa aking tangkang huwag iwan itong aking hanay ng tanggulan. Ako'y napahinuhod sa mga Sugo na sumama sa kanila, at iniwan ko sa aking nasabing kapatid ang pagtatanggol sa gayong mapanganib na pook.

Sa madali't salita, nagsakayan na kami sa kabayo at nagpatakbuhan patungo sa Asamblea sa bahay hacienda sa Tejeros. Subali't anong pagkamangha namin ng dumating kami roon, wala ang mga tao at nakapinid ang pintuan ng hacienda. Ayon sa bantay ay ayaw daw ipagamit ng Haring Bayang A. Bonifacio ang bahay hacienda at ipinagbawal na pumasok roon ang sino man; kaya ang pulong ng Asamblea ay lumipat sa kumbento ng Sta. Cruz de Malabon, sa anyaya

(continued on page 9)



(Pagpipisan... from p. 8)

ng Kura dito, si Padre Cenon Fernandez, at doon kami hinihintay. Sa ganito'y pinasukan ako agad ng panimdim.

Nagtungo kami agad sa pinaglipatan ng Kapulungan, at gayon na lamang ang sigla nang kami'y dumating doon. Pagdaka'y binati ako nina Koronel Rillo sa ngalan ng Kapulungan gayon din ang halal na Vice-Presidente Heneral Mariano Trias, at Secretario de Guerra, Heneral Emiliano Riego de Dios, at iba pa. Ang tanging napansin kong wala sa mga sandaling iyon sa mga nagpahahalal ay si Heneral A. Ricarte. Subali't napansin kong dali-daling sumulat ang Secretario de Guerra, Riego de Dios sa nasabing Heneral A. Ricarte upang tumungo lamang agad doon upang makapanumpa sa tungkuling iniatang sa kanya ng kapulungan.

Sapagka't mag-iika 7:00 na ng gabi at di pa dumarating ang nasabing Heneral A. Ricarte, kaming tatlo, ang Vice-Presidente, Heneral Mariano Trias, Secretario de Guerra, Heneral Mariano Riego de Dios, ay isa-isang nanumpa na sa harapan ng isang Santo Cristo, at sinaksihan ng Pangulo ng Kapulungang Pambansa, si Koronel Santiago Rillo, at pagkatapos nito ay nagdaos ng isang maikling seremonya. Sa panunumpa naming ito'y hindi namin nakasama si Heneral A. Ricarte, pagka't ayon sa balita namin ay "nagaatubiling manumpa, dahil sa pangamba sa Supremo Andres Bonifacio."

Gayon man, nang mag-iika 10:00 ng gabi nang kami'y nakapanumpa na, ay sa darating si Heneral A. Ricarte na tumututol at ayaw tanggapin ang tungkuling iniatang sa kanya. Sa ganito'y matamang nag-usap sila ni Secretario Riego de Dios, pagkatapos ay sumang-ayon at nanumpa sa gitna ng hiyawan at kagalakan ng madlang kaharap, gaya ng aming pagkakapanumpa sa harap ng Santo Cristo, at ng Kapulungan.

Unang Pulong Ng Pamahalaang Manghihimagsik

Sanhi ng kaselanan ng panahon, ay hindi kami nag-aksaya ng kahi't saglit man lamang. Noon ding gabing iyon nang makapanumpa kaming apat na mga inihalal na mga pinuno ng Pamahalaang Manghihimagsik, ay nagpulong kapagkaraka at pinagtalakayan namin ang mga hakbang na nararapat gawin, pagkatapos ng aming pag-iisang ito.

Iminungkahi ko sa aking mga kasamahan, na sanhi sa mabigat at gipit na katayuan nating mga manghihimagsik, ay lubhang kinakailangang atasan agad-agad ang lahat ng

komandante ng mga Destakamento ng mga tropa sa bayan-bayan ng Magdiwang na walang kinakaharap na labanan na sumaklolo sa hanay ng labanan ng Pasong Santol, pagka't doon natitipon ang makapal na kawal ng ating mga kalaban. At sa ganito'y magiging malakas ang ating mga kawal.

Hindi ko pa halos nasasabi ang ganito kong panukala, pagdaka'y tumindig si Heneral A. Ricarte, at nagdahilan na diumano'y mabigat ang kanyang katawan at nahihilo. Lumakad pagdaka nang walang paalam, ni di man lamang kumamay sa aming mga kaharap. Gaanong pagkamangha ko sa ginawang ito ng isang heneral ng ating hukbo! Gayon man, sa ganitong inanyo ni Heneral A. Ricarte ay nagwalang bahala ako at itinuloy ko ang aming pagpupulong, kahit kami'y tatatlo. Ipinasiya ng dalawa kong kasama na ipagkatiwala sa akin nang lubusan ang buong kapangyarihan upang isagawa ang mahalaga kong balak, kaya't kahi't hatinggabi na'y pinalakad kong madalian ang atas na nabanggit na sa unahan nito.

Kinabukasan, ng mag-iika 10:00 ng umaga, ika-23 ng Marso, ay galak na galak akong tumanggap ng isang batallon ng kawal ng Magdiwang, sa mando ng Komandante Andres Villanueva, anak ng naging Ministro de Guerra ng Haring Bayan Andres Bonifacio, galing sa Naic, bilang pagtupad sa aking atas. Kapagkaraka'y inatasan kong humarap at pailalim sa orden ni Heneral Crispulo Aguinaldo, sa Pasong Santol, Salitran, Dasmariñas. Madali namang sumunod, kaya't lumakad kapagkaraka.

Kinatanghalian ng ika-24 ng Marso, ay tumanggap ako ng balita, dito sa Tanza, na ang mga Haring Bayan VI Rey, at mga Ministros ng naging pamahalaan ng Magdiwang, Kapitan Heneral A. Ricarte at iba pa nilang kabig ay nagpulong ng umaga ng 23 ng Marso, na pinanguluhan ng Supremo A. Bonifacio at nagbangon ng isang Acta ó katitikan na pagpapawalang-halaga sa halalan ng Pulong. Pangkalahatan, na ginanap ng Marso 22, dito sa bahay hacienda sa Tejeros, Malabon.

Sa bagay na ito, sa halip kong ipausig siya yamang ako'y may kapangyarihan dito, ay biglang sumaloob ko na parang wala akong nabatid, katulad din ng ginawa ko ng may naghimaton at nagtapat sa akin ng pagbabanta nila na maipakitol daw ang mutya kong buhay. Lahat ay niwala kong bahala, upang huwag lumaki at lumubha ang ugaling pagsisiraan dahil sa pananaghili.

Pagkatapos at nagsunud-sunod nang nagsirating naman ang mga tropa ng iba't ibang bayan ng Sangguniang

(continued on page 10)



(Pagpipisan... from p. 9)

Magdiwang, gaya ng Ternate, Maragondon, Magallanes, at iba pa. Pawa silang inatasan kong umabuloy kay Heneral Crispulo Aguinaldo, at masigla naman silang sumunod sa aking utos. Sa ganito'y inasahan kong magtatagumpay na kami sa pagkakaisa naming ito, kahi't gaanong karaming kalaban ang nasa Pasong Santol.

Subali't kung paano ang galak ko na sila'y magsirating at pailalim sa aking kapangyarihan, gayon ding kalungkutan ang sinapit ko nang aking mabalitaan kinabukasan na ang lahat ng tropa kong inatasan sumaklolo sa Pasong Santol, ay ipinaharang at di pinatuloy ng Supremo Andres Bonifacio kay Heneral A. Ricarte. At ang lahat ng kawal ay kinulong at binimbing sa malaking bakuran na tinitirahan ng Supremo na pag-aari ni Ginang Estefania Potente, sa kabayanan ng Malabon. Silang lahat ay pinagsabihan ng Supremo na hindi raw dapat umabuloy sa Pasong Santol, at ang dapat daw gawin ay doon maghintay ng mga kalaban sa kanilang nasasakupan, bukod sa ipinaharang pa ako sa aking pag-uwi sa Imus.

Nang matanto ko ang ginawang ito ng Supremo ay napabuntong hininga na lamang ako at sumaloob ko sa sarili na "Sasamain yata ang aming himagsikan." Nang matanto ito ni Heneral Mariano Trias, sa galit yata'y naimungkahi tuloy sa akin na ipahuli ó ipadakip yaong mga nagtataksil.

Sa ganyang karumaldumal na pangyayari at maimbot na hangarin ng isang tao, ano ang sinapit ng ating bayang naglulunggating makalaya?

Ano nga ang nangyayari sa gitna nang ganitong pagpigil sa mga kawal na dapat na nakasaklolo sa hanay ng mahigpit na labanan sa Pasong Santol?

Noong ika-25 ng Marso, ay dumating sa aking parang kulog ang malungkot at kalagim-lagim na balita. Naagaw ng mga Kastila ang aming hanay sa Pasong Santol at nasawi ang aking kapatid na si Crispulo Aguinaldo, pagkatapos ng katakut-takot na labanan at madugong pakikihamok. At gaya ng ipinangako sa akin ni Heneral Crispulo Aguinaldo, ay sa ibabaw ng kanyang bangkay dumaan ang mga kalaban bago naitirik ang bandila ng mga Kastila sa pook na iyon.

Gayon na lamang ang panghihilakbot ko sa ganitong malungkot na pangyayari. Kung di sana pinigil ang makapal na kawal na inatasan kong umabuloy sa Pasong Santol, disin sana'y hindi lamang si Heneral Zabala ang napabaon sa Salitran, kung di iba pang mahalagang pangyayari na lalong ipagkakasakit ng Kapitan Heneral ng mga Kastila.



Hen. Emilio Aguinaldo, Araw ni Rizal 1929

¹ Sinipi mula sa aklat na *Mga Gunita ng Himagsikan ni Heneral Emilio Aguinaldo*, pp. 225-238.



Sa Kagalang-galang na Presidente nang Republika ng Pilipina¹

EL HERALDO DE LA REVOLUCION

DISYEMBRE 25, 1898

sinaliksik ni **Jomar Encila**

TUKLAS Pilipinas, Inc.
History Consultant, Taguig LGU

Dahil sa dangal mong halos di malulan
Sa nilapadlapad nitong Kapuluan
Sampung mga tao sa gubat ang tahan
Ay nangaakit sumuyo't gumalang.

Di lalo na kaming nakatatalastas
Nang Karapatan mo sa tinamong palad;
Kaya nga't sa aming puso'y nakalimbag
Paggalang sa iyong dalisay at wagas

Napapanahon ngayong aming ipatanghal
Sa kalakhan ninyo ang boong paggalang,
Palibhasa'y ito ang dakilang araw
Na sa boong mundo'y dapat ipagdiwang.

Manga puso naming sa iyo'y umiibig
Alay sa dangal mon a inilalakip
Sa pagbating ito't banal naming nais
Sa kapayapaan buhay mo'y lumawig.

Dangal naming lahat na tapat mong kampon
Ang manatili ka sa mahal mong tungkol,
tangi sa ligayang ikaw ang may-ampon
dito sa Heraldo de la Revolucion



Heneral Emilio Aguinaldo sa Biac-na-Bato, 1897
La Ilustracion Artistica. Barcelona June 20 1898

¹ Sinipi mula sa Historical Bulletin ng Philippine Historical Association, March 1959; p. 70.



(Mga Bagay-bagay... from p. 3)

Dahil sa mga huling pananalitang ito ni G. Antonio Montenegro, ay nasugatan ang damdamin si G. Santiago Alvarez, na noon di'y tumayo at sa mahahayap na tingin kay Montenegro, ay nagsabi :- “Kaming mga naghihimagsik dito sa Kabite, lalung-lalo na kaming napapailalim sa Pamahalaang *Magdiwang*, ay kumikilala’t sumusunod sa Pamahalaang itinatag ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan. At kung ibig ninyong magpairal ng ibang uring pamahalaan sa inyong sariling pag-isip, ay umowi kayo sa inyong sariling lalawigan at agawin sa kapangyarihang kastila, gaya rin ng amin nang ginawa hanggang sa sandaling ito; at kung magkakagayo’y gawin ninyo ang bala ninyong maibigang gawin at walang sinomang manghihimasok sa inyo. Kaming mga taga-Kabite ay di nangangailangan at di mangangailangan kailan pa man ng isang tagapagturong kabikas lamang ninyo”.

Nagabulahaw ang madla, pagkat ang mga kawal sa taliba ni G. Santiago Alvarez na nasa tabi noon ng hagdanan, ay nagpakilala ng isang anyong mabalasik na handang paputukan ang mga nasa loob ng pagpupulong. Itininding ang pulong ng walang kaayus-ayos; ngunit pagkaraan ng isang oras, at nang mapayapa na ang mga simbuyo ng loob ng mga kapanig ni G. Santiago Alvarez at ni G. Antonio Montenegro, ay binuksan muli ang pagpupulong na noon ay pinanguluhan na ni G. Jacinto Lumbreras:- Na, sapagkat nahihinggil sa isang bagay na labas na labas sa paanyaya ng pulong, at natutukoy sa pagtatatag ng isang Pamahalaang Pangkalahatan ng Panghihimagsik, ay hindi ko dapat panguluhan ang pagpapatuloy ng pulong. Sa gayon ay pasigaw na humingi ang lahat na panguluhan ni G. Andres Bonifacio ang pulong sa bisa ng kanyang pagka-Pang-ulo ng Ktt. Sanggunian ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan, na siyang nagbunsod sa bayang Pilipino sa kasalukuyang kalagayan; kaya si G. Bonifacio nga ang nangulo at si “Vibora” naman ang nanungkulang maging Kalihim ng pagpupulong.

Nang muling magkaayus ang madla, ay binuksan ni G. Andres Bonifacio ang pulong na nagsabing :- “Yamang ninanasa ninyong magtatag ng isang Mataas na Pamahalaang makapamatnugot sa Himagsikan, at alisin na ang Pamahalaang itinatag ng Katipunan at ang pinagkayarian sa Kapulungan sa Imus (talang 31 at 32), ako, —sa aking pagka-Pang-ulo ng Ktt. Sanggunian nang Katipunan, —ay pumpahinuhod sa inyong wastong kahilingan; datapwat dapat munang anyayahan ko kayo na tayong lahat ay kumilala sa isang simulaing mapagbabatayan ng ating mga pasya sa

pulong na ito, o sa iba man, at nang nasabing simulain ay itong sumusunod:- “Na, ating igalang at sundin ang pasya ng nakararami”. Sa bagay na ito ay nagkaisa ang lahat na sumang-ayon.

Ipinasiya at ipinahayag noon sa gitna ng paulit-ulit at masigabong sigawan ang:- REPUBLIKA NG PILIPINAS. At pagdaka’y isinunod ang paghahalal ng mga taong hahawak sa Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas, ng mga sumusunod na tungkulin:

1-Pang-ulo, 2-Pangalawang Pang-ulo, 3-Kapitan Heneral, 4-Direktor de Guerra, 5-Direktor ng Pangloob (Interior), 6-Direktor de Estado, 7-Direktor ng Pangangalakal, 8-Direktor de Hacienda, 9-Direktor de Fomento at 10-Direktor de Justicia.

Bago pasimulaan ang pagbobotohan si G. Andres Bonifacio ay nagpaalala sa mga manghahalal na kumakatawan noon sa iba’t ibang lalawigan ng Kapuluan na ang lumabas na mahalal sa dami ng boto, ay siyang igagalang at susundin maging anoman ang kanyang kalagayan sa loob ng kapisanan at maging gaano man ang naabot na taas ng pinag-aralan; na anopa’t kahit siya’y maging tagapaglinis ng palikuran o pugunero, bagay na pasigaw na sinang-ayunan ng madla. Ipinamudbod ang mga papeleta, at pagkaraan ng isang oras ay ginanap ang pagbilang ng mga boto, at lumabas na nakaraming halal sa pagka-Pang-ulo ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas ay si G. Emilio Aguinaldo, laban kay G. Andres Bonifacio at G. Mariano Trias. Ipinamahayag ang nahalal sa pamamag-itan ng mga palakpakan at sigawang “¡Mabuhay!”.

Noon din ay ginanap ang paghahalal ng Pangalawang Pang-ulo. Si G. Severino de las Alas ay nagsalita, na yamang si G. Andres Bonifacio ang pumangalawa sa nahalal sa dami ng mga botong tinamo, ay dapat na siya na ang ipamahayag na Pangalawang Pang-ulo (Vice-Presidente) ng Republika. Wala ni sinoman sa nagkakatiyon na ning salitang sangayon ni laban sa mungkahi ni G. de las Alas!” kaya ang Pang-ulo ng pagpupulong, ay nagpasyang ganapin ang pagbobotohan na, pagkatapus isagawa, ay nagtamo ng maraming boto si G. Mariano Trias Closas, laban kay G. Andres Bonifacio, kay G. Severino de las Alas at G. Mariano Alvarez.

Isinunod noon din ang paghahalal ng Kapitan Heneral at ang nagtamo ng maraming boto, ay ang Kalihim ng pagpupulong na si “Vibora”, laban kay G. Santiago Alvarez. Ang Kalihim ng pagpupulong, ay tumindig at tumutol

(continued on page 13)



(Mga Bagay-bagay... from p. 12)

laban sa pagkahalal sa kanya na ang sabi: “Ako, ang higit sa lahat, ay nakakaalam ng abot ng aking kaya at tunguhin; ang tungkuling marangal na ipinagkalooob sa akin ng kapulungang ito, ay hindi naaangkop sa dahop kong lakas, pagkat isang tungkuling napakarangal sa ganang akin; ngunit hindi ko makakaya; sa dahilang ito ay ipinamamanhik ko sa kapulungang, huwag masamaing gawin ko rito, ang magalang kong pagtanggap”. Mga sigaw na masigabo noon ang narinig na di nagpapapahalaga sa pagtutol at pagbibitiw, at sa gayo’y inanyayahan ng Pang-ulo ang lahat sa kaayusan, na ang sabi :- “Gumagabi na at kailangang ipagpatuloy natin ang paghahalal ukol sa ibang mga tungkulin. Isang tinig noon ang namungkahi at ito’y pinagtibay naman, na, upang mapaiksi ang pagbobotohan, ay ipag-utos na lumagay sa isang tabi o gawi ang kumakatig sa isang tao, ukol sa gayong tungkulin, at sa isa namang tabi o panig ang sang-ayon sa isa namang kandidato. Sa pamamag-itan ng paraang ito, ay pinagbotohan ang tungkuling Direktor de Guerra, at ang lumabas na nagtamo ng lalong maraming, boto, ay si G. Emiliano Riego de Dios, laban kina GG Ariston Villanueva, Daniel Tirona at Santiago Alvarez. Pagkatapos, maipamahayag at mga papurihan si G. Emiliano Riego de Dios, na naging simulaswad sa Pagpapaunlad ng Pamahalaang *Magdiwang*, ang ipinagpatuloy ang paghahalal sa pagpili ng Direktor Interior ó Pangloob sa pamamag-itan ng gayon ding kaparaanan. Dito’y lumabas at nagtamo ng lalong maraming boto si G. Andres Bonifacio, laban kina GG Mariano Alvarez at Pascual Alvarez. Sa gitna ng magiting na sigawang “¡Mabuhay!” na pagpaparangal kay G. Bonifacio, si G. Daniel Tirona’y humingi ng katahimikan at nagsalita ng ganito :- “Mga kababayan :- Ang tungkuling pagka-Direktor del Interior ay halos kasinglaki rin nang sa Pang-ulo ó Presidente ; kaya’t ang Kagawarang iya’y di dapat pamanihalaan ng isang taong di nagaangkin ng isang katibayan ng pagka-abogado. Mayroon tayo dito sa ating lalawigang isang abogadong may sadyang katibayan, at ito’y si G. José del Rosario; dapat nga tayong tumutol laban sa nahalal at pinapurihan”, at (sa pamamag-itan ng salitang isinisigaw niya ng buong lakas) ay sinabing “ihalal natin si G. José del Rosario abogadong Kabiteño”.

Sa pagkasugat ng damdamin ni G. Bonifacio, ito ay tumindig at nagsalita ng ganito :-

¿Hindi ba natin pinagkayirang igagalang ang boto ng nakararami, maging anoman ang uri ng kalagayan sa

kapisanan ng taong napahalal? Pagkasabi nito’y hiningi kay G. Daniel Tirona na bawiin nito ang lahat niyang ipinahayag, at bigyan ang kapulungan ng isang kasyahang-loob tungkol sa kanyang sinalitang nakasisirang puri sa nahalal; ngunit dahil sa si G. Tirona’y nagtangkang magpawala-wala sa karamihan ng tao, ay ipinagwalang-bahala ang hinhingi ni G. Andres Bonifacio, binunot nito ang kanyang rebolber, upang paputukan si Tirona, sabalit naagapan ng kalihim ng masa na pigilin ang kanyang kamay (ang kay G. Bonifacio), kung kaya ang nangyari’y nauwi na lamang sa gayon. Sa dahilang ang madla ay nag-aalisan na noon, si G. Andres Bonifacio ay nagsalitang malakas ng ganito :- “Ako, sa aking pagka-Pang-ulo rin naman ng Ktt. Sanggunian ng Katipunan, na di nalilingid sa lahat, ay ipinahahayag kong lansag na ang kapulungan ito at pinawawalaan ng kabuluhan ang lahat ng sa loob niya’y pinagkayarian at pinagpasyahan”. At siya’y umalis din naman, na sinusundan ng kanyang mga kabig.

Si G. Baldomero Aguinaldo, Pang-ulo sa Sangguniang lalawigang *Magdalo*, bago siya umalis sa bahay-asyenda ng Teheros nang gabi ring iyon, ay nilakad niya kay “Vibora” upang ang pagpupulong ay maipagpatuloy kinabukasan. Pagkatapos ng usapan nilang ito, at sa pangangakong ang mga taga *Magdalo* ay magsisidalong ring muli, ay nagsialis si G. Baldomero Aguinaldo na kasama ng kanyang mga tao at si “Vibora.” na kasama naman ng mga iba pa.

Nang kinabukasan at sa bahay ding yaon, ay nagkatipon sina GG. Andres Bonifacio, Mariano Alvarez, Diego Mojica, Ariston Villanueva, Jacinto Lumbreras, Pascual Alvarez, P. Manuel P. Trias (kura paroko sa San Francisco de Malabon), Luciano San Miguel, Santiago Alvarez, Nicolas Portilla, Santos Nocon at iba pang marami, na pinaanyayahan ni “Vibora”, di lamang sa nasang magawa ang pagkakasundo-sundo ng lahat, kundi pa naman upang mapasimulaan at maipagpatuloy muli ang nagulong pagpupulong nang araw na sinundan. Lahat sila’y nagsipaghintay sa bahay-asyenda sa Teheros sa pagdating ng mga kagawad at kaanib ng Pamahalaang *Magdalo* hanggang ika-5 ng hapon; ngunit dahil sa di pagdating ng sinoman sa mga ito hanggang sa oras na yaon, ay nakahiwa-hiwalay na rin ang mga pinaanyayahan ni “Vibora”.

b-Nang ika-6 ng hapon ng araw ding yaon, si “Vibora” ay inanyayahan ng mga taga *Magdalong*

(continued on page 14)



(Mga Bagay-bagay... from p. 13)

nagkakatiapon sa kombento ng Santa Cruz ng Malabon. Ang inanyayahan ay dumalo at nang nasa kombento na siya, ay patagong nakihalo sa karamihang naglisaw sa iba't ibang silid ng kombento, lalung-lalo na sa bulwagan, na kinalalagyan sa gitna, ng isang "crucifijo" na napapaligiran ng mga kandilang nagdidingas at sa harap ng tinurang krusipiho ay may tatlong magagandang unang-luluhuran. Sa gayo'y nabatid ni "Vibora", sa lahat niyang nakikita at naririnig, ang dahil ng sa kanya'y ipinag-anyaya, kung kaya lalo na siyang nagtago noon sa karamihang tao. Nang mangainip na ang mga pinunong nagkakatiapon sa di pagdating ni "Vibora" sapagkat nakaalas 8 na, si G. Emilio Aguinaldo at si G. Mariano Trias Closas, na tinatalibaan ni G. Daniel Tirona, ni G. Severino de las Alas, ng kura paroko at ng mga iba pa, ay nagsilabas mula sa isang silid at nagsipatungo sa bulwagan. Si G. Emilio Aguinaldo at si Mariano Trias Closas ay nagsiluhod sa dalawang nahandang unang-luluhuran sa harap ng krusipiho at binayaan ang isang unang walang nakaluhod. At ang dalawa'y sumumpa at nasitanggap ng tungkuling ikinahalal nila nang Sinundang araw.

Si "Vibora", matapos ang magkalahating oras ay nagtangkang umalis na patago rin, upang huwag maino ang kanyang pagkaparoon sa kombento; ngunit nang siya'y nasa hagdanan na, ay nakita ng ilang nakakikilala sa kanya, isa sa kanila'y si G. Jacinto Pulido, Pang-ulo noon sa Sangguniang-bayan ng Santa Cruz ng Malabon, na siyang humawak sa bisig ni "Vibora" at ipinasok ito sa silid na kinalalagyan nina GG. Emilio Aguinaldo, Mariano Trias at kanilang mga kabalangay. Ang pagpasok ni "Vibora" ay sinalubong ng masisigabong sigawang "Mabuhay!", at nang nasa piling na si "Vibora" ni G. Emilio Aguinaldo, ay pinipilit nitong sumumpa at tumanggap ng tungkuling ikinahalal niya nang sinundang araw, sa pamamag-itan ng maraming pangangatuwiran; ngunit si "Vibora" nagpakatanggi-tanggi at ang sabi:- "Na, ang gayong napakaagap na gawain, ay magiging sanhi ng malalaking samaan ng loob sa mga naghihimagsik, pagkat siya na rin ang naging saksi ng lahat ng mga nangyari sa pagpupulong sa Teheros". Sa gitna ng mainit na pakikipagtalo ni "Vibora" kay G. Emilio Aguinaldo at sa iba pang tao nito, si G. Daniel Tirona, ay nakisagot at ang wika:- "Pabayaan na natin si "Vibora", pagkat napagkikilalang siya'y may napangakuang ibang tao"; bagay na ikinapoot ni "Vibora"

at pinaklihan ng ganito:- "Ako ay nakapangakong bawiin ang Kalayaan ng Pilipinas, ngunit hindi ako kaparis mo at ng mga iba pang nangaritong nangakong maglingkod sa isang tao o sa mga taong pawang taga-isang lalawigan lamang ng kapuluan". Ang pagtanggap iyon ni "Vibora" sa pagsumpa, ay ipinagmatigas niya ng buong dahas hanggang sa hatinggabi, bagama't sa huli, upang siya'y makalayo na lamang sa pulutong na yaon, ay pumayag din, ngunit sa ilalim ng isang kasunduang tanggapin ang kanyang pagbibitiw pagkatapos niyang makapanumpa; at sa gayo'y sumumpa nga siya sa gitna ng lahat at sa harap ng isang krusipihong nasabi na. Pagkaraan nito'y umalis sa kombento si "Vibora" at iniwan silang walang tigil sa pagpupulong na tumagal hangga noong ika-25 ng Marso, 1897, na kanilang ipinagkahiwalay, dahil lamang sa pagkakuha ng mga Kastila sa bayan ng Imus, at sa pagkapatay sa Tenyente Heneral G. Crispulo Aguinaldo, matandang kapatid ni G. Emilio, gaya na ngang naiulat na sa unahan. Isang pangyayaring dapat banggitin ang napansin, samantalang sina G. Aguinaldo at kasama, ay nagsisipagpumilit na si "Vibora'y" papaniwalaing mahalaga at mabisa ang sumpa Niya, ukol sa ipagkakabisa ng kanyang mga ginagawa at mga gagawin pa. Ang naturang pangyayari ay di iba't ang pagdating sa kombento ni Koronel Esteban San Juan at Komandante Julian Montalan ng *Magdiwang*. Ang dalawang ito ay pumasok sa kombento, na may anyong handang-handa sa at paglaban, at pagkaraka'y nagsituloy sa itaas, bagamat gayon na lamang kahigpit ang pagpapatanod sa mga bantay na kawal sa pinto ng kombento, na sa hagdana'y huwag magpapanhik ng sinomang taga *Magdiwang*, lalung-lalo na kung may mga armas. Ang dalawang pinunong nasabi, ay nagsipatungo sa kombento sa tangkang umabuloy kay "Vibora" sakalaing kailangan, dahil sa balitang kumalat na si "Vibora" ay ibinilanggo.

Nang malansag ang pagpupulong na ito, na karapat-dapat tawaging "*Kapulungang kabitenyong maka-Aguinaldo sa Santa Cruz de Malabon*", pinagkaisahan ng mga nagpulong na ibalitang walang naging bisa ang lahat ng ginawa at pinagpasyahan sa naturang pulong, sa pag-aakalang sa paraang ito'y masasawata ang mainit na simbuyong laban sa kanila'y naghahari sa loob ng marami.

¹ Sinipi mula sa aklat na *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila, salaysay na sinulat ni Artemio Ricarte Vibora*. Hapon, Yokohana, 1927, pp. 52-63.



Cavite's Historical Events

(From Cavite's Historical Calendar, T. P. Unabia, DLSU-D, 1997)

01 MARCH

- 1897 From Naic, Emilio Aguinaldo issued his first manifesto ordering the Filipino soldiers serving in the Spanish army to side with the Revolution.
- 1975 Fr. Cesar R. Reyes became the parish priest of Our Lady of Perpetual Help Parish in the Dasmariñas Resettlement Area (Saulo and de Ocampo, 1990:165).

02 MARCH

- 1851 Birth of Ariston Villanueva, a gobernadorcillo, katipunero and minister of war from Noveleta. He participated in the Battle of Dalahican under the overall command of Santiago Alvares.

03 MARCH

- 1867 Fr. Felipe Ignacio became the **cura parroco** of San Francisco de Malabon until February 3, 1869 (1982 Gen. Trias Fiesta Souvenir Program).
- 1897 Death of Flaviano Yengko, a young Manileño, who was hit in the abdomen during the Battle of Pasong Santol. He was with Generals Crispulo Aguinaldo and Juan Cailles.

04 MARCH

- 1981 President Ferdinand Marcos appointed the first mayor, vice-mayor and eight Sangguniang Bayan members of the town of General Mariano Alvarez (GMA).

05 MARCH

- 1881 The presbitero, Pascual Roque was temporarily assigned to the Parish of Mendez-Nuñez.

06 MARCH

- 1921 Death of Hilaria del Rosario, Emilio Aguinaldo's first wife (Filipinos in History, I, 1989:43).

07 MARCH

- 1897 Battle of Pasong Santol and Battle of Anabu II. The Spanish Gen. Antonio Zabala was killed. The Spaniards suffered their heaviest casualties so far. The Filipino constructed deep trenches which stretched nearly three kilometers. It was intended as the first line of defense for the Magdalo capital in Imus (Achutegui and Bernad, 1972:264).
- Gen. Jose Lachambre moved his division toward Salitran which was then highly defended and captured the former statehouse of the Augustinians without firing a single shot.

08 MARCH

- 1860 Birth of Antonio San Agustin in San Roque, Cavite. A business man, he owned the only bookstore in Cavite at the time called La Aurora. He was one of the "Thirteen Martyrs" (HC, 1970:43).

09 MARCH

- 1746 Silang was bought by the townspeople from King Ferdinand VI of Spain for two thousand Mexican pesos (P 2,000). The payment was made in three installments. The first payment, P 700, was given on May 1, 1747, the second payment of the same amount was made on May 1, 1748 while the last payment amounting to P 600 was given on May 1, 1749. The document of sale was signed by Don Pedro Calderon Enriquez and Don Alejo de Aviles for Spain, and by Don Bernabe Javier Manahan and Don Gervacio de la Cruz for the people of Silang (1978 Silang Fiesta Souvenir Program).

- 1849 A royal decree was issued taking away from the seculars seven parishes in Cavite, namely: Bacoar, Cavite Viejo and Silang (as signed to the Recoletos); Santa Cruz de Malabon, San Francisco de Malabon, Naic and Indang (given to the Dominicans) (Corpuz, I, 1989:506).

10 MARCH

- 1897 **BATTLE OF ZAPOTE.** Colonel Vicente de Salcedo with 1,200 men or nine companies, a section

(continued on p. 16)



(*Cavite Historical ...from p. 15*)

of cavalry and one of the engineers attacked Zapote. The Filipinos lost the battle (Achutegui and Bernad, 1972:272).

12 MARCH

1930 DEATH OF LADISLAO DIWA. His symbolic name in the Katipunan was "Baleté". He convinced Teodoro Gonzales and Roman Basa to form another triad. Together with Basa, Diwa led the organization of the secret revolutionary society in Cavite (Unabia, 1996:10).

13 MARCH

1984 President Ferdinand Marcos signed Proclamation No. 2341 declaring March 22nd of March 1984 and every twenty second of March thereafter as "General Emilio Aguinaldo Day" and a special public holiday in Cavite (Saulo and de Ocampo, 1990:662).

14 MARCH

1901 Gen. Mariano Trias surrendered to the Americans in Santa Cruz de Malabon (HC, 1970:47).

1980 Resolution No. 40 or the Provincial Land Use Plan of Cavite was passed by the Sangguniang Panlalawigan. It was Cavite's blue-print of development.

1981 Carmona District II was changed to the District of General Mariano Alvarez by virtue of the separation of Carmona Relocation Area from Carmona.

The first appointed officials of the town of General Mariano Alvarez (GMA) assumed office.

15 MARCH

1899 The Commission of Investigation on the February 4, 1899 San Juan Bridge incident headed by General Mariano Trias concluded that the Americans were the first to fire and that the attack had been premeditated (Zaide, IX, 1990:84).

1945 The guerillas together with the Americans of the 11th Airborne Division liberated Maragondon from the Japanese.

16 MARCH

1875 Birth of Raymundo Jeciel in Indang, the seventh governor of Cavite under the American period. Jeciel, who finished Bachelor of Arts from Colegio de San Juan de Letran, was a delegate to the Malolos Congress and colonel of the Revolutionary Army under

1897 Baldomero Aguinaldo, president of the Magdalo Government, appointed Eleno Mendoza major in the army. Emilio Aguinaldo as Commander in chief countersigned the document (Achutegui and Bernad, 1972:406).

17 MARCH

1897 A change in the Filipino flag was introduced during the Naic Assembly. The Malayan letter K was replaced by a big sun with two eyes, a nose, and a mouth. The flag was used until the signing of the Pact of Biak-na-Bato in December 1897 (HC, 1970:48).

Emilio Aguinaldo wrote his reply to Father Pio Pi, the Jesuit Superior, who was asked by Nicolas Peña, auditor general of the Spanish Army in the Philippines to intervene and stop the conflict between the Filipino revolutionists and Spanish forces (Achutegui and Bernad, 1972:319).

1915 Sixto Velasco to be justice of the peace for the Municipality of Tanza, Province of Cavite, Tenth Judicial District, Vice Castor Abad, resigned; pursuant to the provisions of Section 1 of Article No. 2041.

18 MARCH

1854 Jose Tagle, the capitan municipal of Imus at the outbreak of the Revolution, was born (Saulo and de Ocampo, 1990:437).

19 MARCH

1942 A secret society, "Anak ng mga Katipunan sa Pilipinas" was organized by some Silangeños. They signed in blood their pledge to resist the Japanese Military Administration (1978 Silang Fiesta Souvenir Program).

1969 The General Emilio Aguinaldo National Centennial Commission held a three-day (March 19-21)

(*continued on p. 17*)



(Cavite Historical ...from p. 16)

Convention to commemorate the Centenary of the First Philippine President.

20 MARCH

- 1973 Pursuant to Presidential Decree 176, the name of Philippine Cavite Chinese School established in 1948 was changed to Pag-asa Elementary School of Cavite, Inc.

21 MARCH

- 1591 Bishop Domingo de Salazar agreed on the proposal that Cavite and Parañaque could be administered as one entity under the priest of his choice (Saenz-Mendoza, 1990:35).
- 1897 Felix Cuenca and Mariano Noriel at Gargano (Bacoor) received a letter signed by Baldomero Aguinaldo asking them who should be elected to head the national and provincial governments (Achutegui and Bernad, 1972:344).

22 MARCH

- 1869 Emilio Aguinaldo, the president of the First Philippine Republic, was born in Kawit (then Cavite el Viejo). He was named after San Emilio, a martyr of the Catholic faith (Aguinaldo, 1967:1-2).
- 1897 The participants to the **Tejeros Convention** held in the Casa Hacienda decided to establish a Revolutionary Government. Emilio Aguinaldo was elected president of the First Revolutionary Government in **absentia**; Mariano Trias, vice president; Artemio Ricarte, captain general; Emiliano Riego de Dios, director of war; and Andres Bonifacio, director of interior (Corpuz, II, 1989:203).
- 1969 Observance of the First Centenary of the birth of General Emilio Aguinaldo under the auspices of the Commission created by E.O. No. 92.
- 1975 The Riego de Dios brother's (Emiliano, Mariano, Vicente) marker was inaugurated by the National Historical Commission (1977 Maragondon Fiesta Souvenir Program).

23 MARCH

- 1863 Birth of Victorino Luciano, pharmacist and one of the "Thirteen Martyrs" (HC, 1970:52).
- 1897 Col. Vicente Riego de Dios of the Magdiwang informed Emilio Aguinaldo of his election as President of the Revolutionary Government on March 22, 1897 at Tejeros.

Emilio Aguinaldo, Mariano Trias and Artemio Ricarte took their oaths as president, vice president and captain general respectively of the Revolutionary Government in Santa Cruz de Malabon Church (Tanza).

- ACTA DE TEJEROS. Andres Bonifacio and his men including General Artemio Ricarte met at the casa Hacienda in Tejeros and denounced the election the day before (Tejeros Convention) as rigged, hence null and void. Among the signatories were Mariano Alvarez, Diego Mojica and forty others.
- Many civilian refugees from Imus, Bacoor, Noveleta, and Cavite Viejo arrived in San Francisco de Malabon. They were fleeing from the fighting Filipino and Spanish forces. They came by cart, by carabao and by horse (Achutegui and Bernad, 1972:285).

- 1901 Emilio Aguinaldo was captured by Colonel Frederick Funston with the connivance of native Macabebe soldiers in the service of the United States Army.

24 MARCH

- 1897 General Crispulo Aguinaldo, an elder brother of Emilio Aguinaldo died in the Battle of Pasong Santol.

People coming from Imus, Bacoor and Cavite el Viejo (Kawit) increased in number, in turn came an increase of fear in San Francisco de Malabon.

- The "pangulo" of San Francisco de Malabon ordered the ricefield to be flooded, and four falconetes strategically placed at Pasong Camachile to deter the Spanish forces. There was a continuous

(continued on p. 17)



(*Cavite Historical ...from p. 17*)

arrival of people fleeing from Imus brought about by fear (Achutegui and Bernad, 1972:285).

1920 The Philippine Legislature granted General Emilio Aguinaldo an annual life pension of P 12,000 by virtue of Act No. 2922.

1993 Seven thousand families from the “coastal area” were transferred to Paliparan Sites and Services Project by the Philippine Estates Authority (Talaan, 1995).

25 MARCH

1886 Benigno Santi of Wakas, Kawit received the title of **maestro de instruccion primaria** from the Normal School. He taught in Bacoor in 1887 and on March 1, 1888 he was assigned to his hometown (Medina, 1985:333).

1897 **FALL OF IMUS.** To the Spaniards, this event symbolized the fall of Cavite, the center and capital of the Revolution (Achutegui and Bernad, 1972:276-277).

- The residents of San Francisco de Malabon and the refugees who did not feel secure began to move to Maragondon.

1898 The 74th Filipino-regiment at the Cavite Naval Fort marched out of the barracks and joined the Philippine Revolution (HC, 1970:54).

26 MARCH

1897 Bacoor was recaptured by the Spanish forces during the counter-offensive launched by General Jose Lachambre (Saulo and de Ocampo, 1990:140).

27 MARCH

1900 General Jose Ignacio Pawa surrendered to the American forces.

1903 General Luciano San Miguel of Noveleta died while he was fighting with the Americans in Coral-na-Bato, Bosoboso, Antipolo, Rizal. San Miguel represented Negros Oriental in the Malolos Congress.

28 MARCH

1897 From Imus, the Spanish forces marched to San Francisco de Malabon. The Magdiwang forces led by Supremo Andres Bonifacio and General Santiago Alvarez intercepted them at Bakaw. A pitched battle ensued. The arrival of enemy reinforcement forced the revolutionists to make a tactical retreat (Alvarez, 1992:88).

29 MARCH

1899 Emilio Aguinaldo moved his government to San Isidro, Nueva Ecija.

1981 The first Commencement Exercises of the General Emilio Aguinaldo College in Bagong Bayan, Dasmariñas, Cavite was held.

1990 Congressman Leonardo Guerrero filed House Resolution No. 1720, seeking the conversion of Sangley Point into a Bulk Terminal and Container Port by Build, Operate and Transfer arrangement (1990 Cavite City Souvenir Program).

30 MARCH

1897 The President of Magdiwang sent a circular to the municipal presidents of Salinas (Rosario), Mapagtiis (San Francisco de Malabon) and Panguagui (Santa Cruz de Malabon) asking them to call a meeting of all their subjects regarding the refugees from Muntinlupa (Achutegui and Bernad, 1972:345).

31 MARCH

1803 Through a royal cedula, the parishes of Cavite Viejo, Las Piñas and Santa Rosa were placed in the hands of the secular priests duly empowered by the Archbishop of Manila (HC, 1970:56).

1857 Ternate separated from Maragondon and became an independent municipality. During the agreement, the Ternateños were represented by Tomas de Leon, Felix Nigosa, Pablo de Leon, Florencia Ninofranco, and Juan Ramos while the Maragondoneños had Roman Riego de Dios, Cazinto Riel, Pablo Dino, Eulalio Lizardo, and Francisco Villafranca (Saulo and de Ocampo, 1990:248).



Salitang Cavite

Ang kultura ng Kabite ay mayaman sa talasalitaang maaaring magkaroon ng pareho o ibang kahulugan ayon sa paggamit ng mga naninirahan sa bawat bayang pinanggalingan. Ang kahalagahan ng mga talasalitaan sa komunikasyon ay bahagi sa anumang larangan at aspeto ng buhay. Upang lubos na maunawaan ng mga mambabasa, ang kahulugan ng mga talasalitaang itatampok ay magpapakita ng pamumuhay, kaugalian, hilig, at pananampalataya na magpahanggang ngayon ay naririnig at sinasabi ng bawat Kabitenyo. Sa pamamagitan ng kahulugan ng mga salita at mga halimbawang pangungusap, inaasahan ang patuloy na ugnayan sa kultura ng ating mga ninuno at sa relasyon ng bawat bahagi ng makabagong Kabitenyo.

BAGOONG – tayang hindi maalis-alis sa pagkakatataya sa larong tumbang preso

Hal.: Nakakaawa naman si Diego. Tiyak na *bagoong* na naman siya sa kanilang tumbang preso.

BUGNOT – inis; asar

Hal.: Sobrang *nabugnot* si Prince sa pambubuska sa kanya.

KANTI – galaw; nahawakan; nahipo

Hal.: Nakakatuwa ang makahiya, tumitiklop agad kahit bahagyang *kanti* lamang.

GAROTE – palo; **BUNTAL** – palo, paluin, hampasin

Hal.: Naranasan mo na bang magarote o mabuntal?

HAYANG – labas; **IHAYANG** – ilabas

Hal.: *Ihayang* mong lahat ang iyong mga paninda para makita ng mga mamimili.

KALAWITIN – sungkitin (Imus)

Hal.: Kung gusto mong makatikim ng manibalang na mangga ng iyong kapitbahay, magpaalam ka muna at huwag iyong basta mo na lamang *kakalawitin*. (continued on p. 5)

Cavite Cuisine

Researched by Neriza M. Villanueva

Relyenong Ampalaya (Dasmariñas Style)

Namnamin ang mga pagkaing naging bahagi ng lutuing noon pa man at maging sa kasalukuyan ay maaaring ulam o meryenda sa bawat hapag ng tahanan. Tampok sa buwang ito ang isa sa madaling lutuin. Bakit hindi subukin at tikman ang resiping ito?



Mga Sangkap:

3 katamtamang laki ng ampalaya	½ boteng mantika
1 sibuyas	⅛ giniling (baboy)
3 butil na bawang	½ kutsarang betsin (opsyonal)
1 itlog	2 kutsarang harina
¼ kutsarang pamintang durog	½ kutsarang asin
½ tasang hipon	2 kamatis
	¼ kerot

Paraan ng Pagluluto:

Igisa ang bawang, sibuyas, kamatis, hipon, giniling, at kerots. Timplahan ng asin, betsin at paminta. Bayaang maluto at hanguin. Haluan ng konting harina at batihan ng itlog. Ipalaman sa ampalayang hiniwa ng pahaba. Ihulog sa kawaling may mainit na mantika. Bayaang malanta ang ampalaya at hanguin. Ihain.

Sanggunian: Lutuing Cavite

